# BABALA SA CONSUMER

## PANLOLOKO SA MGA SERBISYO SA IMMIGRATION

Kung kailangan mo ng tulong para sa pag-a-apply ng tulong sa immigration, mag-ingat sa iyong iha-hire. Mag-ingat sa mga scam sa immigration na puwedeng makahuthot sa iyo ng libu-libong dolyar at/o makapinsala sa iyong katayuan sa immigration! Narito ang ilang tip at sanggunian para sa tulong:

### MGA TIP

- **Huwag mag-hire ng tagapayo (consultant) ng immigration o notaryo.** Tanging mga abogado, na-accredit na kinatawan, at kinikilalang organisasyon lang ang puwedeng magbigay sa iyo ng legal na payo o kumatawan sa iyo sa korte ng immigration. Mga consultant ng immigration – na posibleng tawagin ang kanilang sarili bilang mga eksperto sa imigrasyon, *notaryo*, notaryo publiko, o paralegal – na walang awtoridad sa gayong gawain. Hindi sila puwedeng magbigay ng legal na payo o tagubilin sa mga form ng immigration, tulungan kang sagutan ang mga form, o suriin kung kwalipikado ka para sa iba't ibang uri ng tulong sa immigration. Hindi rin sila puwedeng makipag-usap sa pamahalaan sa iyong ngalan. Tanging mga gawaing di-legal at klerikal lang ang puwede nilang gawin, gaya ng pagsasalin ng mga impormasyon sa mga form.[1]
    - **Kung may nagpapahayag sa iyong siya ay abogado, kumpirmahing lisensyado siya.** May ilang consultant ng immigration ang posibleng mapanlokong tawagin ang kanilang sarili bilang mga abogado sa imigrasyon. Kung may nagpapahayag na lisensyado siya sa California o sa ibang estado at kung gayon ay makakapagsagawa ng abogasya sa imigrasyon, kumpirmahing lisensyado siya at nasa mabuting katayuan sa partikular na estadong iyon, bumisita sa https://www.americanbar.org/groups/legal_services/flh-home/flh-lawyer-licensing/.
    - **Kung may nagpapahayag sa iyong na-accredit na kinatawan o kinikilalang organisasyon, kumpirmahin ang impormasyong iyon.** Para sa listahan ng lahat ng na-accredit na kinatawan at kinikilalang organisasyon, bumisita sa justice.gov/eoir/recognition-accreditation-roster-reports.
- **Pumunta sa lehitimong organisasyon sa legal na ayuda para sa libreng legal na tulong.** Maraming non-profit na organisasyon ang nagbibigay ng libreng tulong sa imigrasyon sa mga low-income na indibidwal, gaya ng mga matatagpuan sa mga sanggunian sa ibaba. Para humanap ng malapit sa iyong organisasyon sa legal na ayuda, bumisita sa lawhelpca.org. Kung magpapasya kang magbayad na lang ng isang tao, huwag magtiwala sa sinumang nagpapahayag na kayang makakuha ng mga espesyal na pabor mula sa pamahalaan o makagarantiya sa iyo ng work permit o anumang ibang benepisyo sa immigration.
- **Huwag magbabayad para sa mga serbisyo sa immigration o pumirma ng anuman hangga't hindi mo nauunawaan ang kontrata.** Huwag magtiwala sa sinumang gustong umaksyon ka na kaagad. Huwag sumang-ayon sa anumang hindi naisusulat at sa wikang hindi mo nauunawaan. Kung hindi ka mahusay sa pagsasalita ng wikang ginamit sa kontrata, hilinging isalin ito. May karapatan ka sa kontratang naglilista ng lahat ng serbisyo na ibibigay at kung magkano ang bawat serbisyo. Magtago ng kopya ng kontrata at lahat ng resibo ng iyong pagbabayad para sa iyong sariling rekord.
- **Mag-access ng impormasyon mula sa mga website na nagtatapos sa ".gov".** Nakaugnay ang mga ito sa pamahalaan. Posibleng hindi mapagkakatiwalaan ang impormasyon sa mga website na nagtatapos sa ".com," ".net," o iba pang domain.
- **Huwag magbabayad para sa mga form ng immigration.** Libre kang makakakuha ng mga form ng immigration mula sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) sa uscis.gov/forms o (800) 870-3676.

1 Kung kailangan mo ng impormasyon tungkol sa pinapayagan at hindi pinapayagang gawin ng mga consultant ng immigration, bumisita sa sos.ca.gov/business-programs/immigration-consultants.

- **Huwag magtitiwala sa sinumang naniningil ng matataas na bayarin sa pag-file (filing fee) o iba pang pekeng bayarin.** Makikita mo ang mga filing fee ng USCIS sa uscis.gov/forms/filing-fees. Huwag magtiwala sa sinumang naniningil sa iyo ng mas matataas na filing fee. Halimbawa, may ilang nagpapahayag na maniningil sila nang mas malaki para mas mabilis na maproseso ang mga form mo, pero bihirang mapaikli ang panahon ng pagpoproseso sa USCIS. Huwag magbabayad ng mga bogus na "back tax" o iba pang bayaring hindi iniaatas ng pamahalaan.
- **Huwag pipirma ng mga dokumentong may maling impormasyon o may mga blangko.** Sinusubukan ng ilang scammer na mag-file ng maling impormasyon sa iyong ngalan. Bago ka pumirma ng anumang form o dokumento, tiyaking ganap at tumpak itong nasagutan. Huwag hayaang kumbinsihin ka ng sinuman na magsinungaling sa form o pumirma ng blangkong form. Huwag pumirma ng anuman maliban kung nauunawaan mo kung ano ang nakalagay dito.
- **Itago ang iyong mga orihinal na dokumento sa ligtas na lugar.** Huwag mong ibibigay sa sinuman ang iyong mga orihinal na dokumento maliban kung makakakita ka ng pruweba na kinakailangan ng pamahalaan ang orihinal na dokumento. Kung magbibigay ka sa isang tao ng orihinal na dokumento, posibleng mawala niya ito o tumangging ibalik sa iyo maliban kung babayaran mo siya.
- **Magtago ng mga kopya ng lahat ng dokumentong nauugnay sa iyong usapin sa immigration.** Kumuha at magtago ng mga kopya ng lahat ng dokumento sa immigration na isinumite sa USCIS, gayundin ang lahat ng komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa pamahalaan at sinumang tao o organisasyong tumutulong sa iyo.
- **Mag-ingat sa mga scam sa telepono at email.** Huwag magbibigay ng pera o personal na impormasyon sa sinumang tatawag, magte-text, o mag-e-email sa iyo na nagpapahayag na may problema sa iyong usapin sa immigration. Walang ahensya ng pamahalaan ang hihingi sa iyo ng bayad o ng personal na impormasyon sa pamamagitan ng telepono, email, o text.

## *Mga Sanggunian*

- Para sa mga listahan ng mga non-profit na organisasyon na nagbibigay ng libreng tulong sa immigration para sa mga low-income na indibidwal, bumisita sa mga sumusunod:
  - U.S. Department of Justice:
    - justice.gov/eoir/list-pro-bono-legal-service-providers (mga provider ng mga legal na serbisyo)
    - justice.gov/eoir/recognized-organizations-and-accredited-representatives-roster-state-and-city (mga na-accredit na kinatawan)
  - Law Help CA: lawhelpca.org
  - Immigration Law Help: immigrationlawhelp.org
  - California Department of Social Services: cdss.ca.gov/inforesources/immigration/contractor-contact-information
- Kung biktima ka ng scam sa immigration:
  - Makakuha ng tulong mula sa lehitimong organisayon sa legal na ayuda: lawhelpca.org.
  - Makipag-ugnayan sa Programa sa Pag-iwas sa Pang-aabusong dulot ng Panloloko (Fraud Abuse Prevention Program) ng U.S. Department of Justice: EOIR.Fraud.Program@usdoj.gov o (703) 305-0470
  - Mag-ulat ng scam sa Federal Trade Commission: reportfraud.ftc.gov
  - Iulat ang scam sa Tanggapan ng Attorney General ng California: oag.ca.gov/report
- Matuto pa tungkol sa mga scam sa immigration: uscis.gov/avoid-scams